



U.S. Department of Justice Community Relations [kaugnayan sa komunidad] Service

Tumutulong sa mga Komunidad

Pigilin at Tumugon sa mga Krimen ng Kasuklaman

Ang U.S. Department of Justice Community Relation Service (CRS) ay nagsisilbi bilang "America's Peacemaker" sa pamamagitan ng pagpapadali ng karunungan, pag-uunawa, at pakikipag-usap sa mga komunidad na humaharap ng pagtatalo at pagpaunlad ng kakayahan ng mga komunidad na pigilin at lutasin nang sarili nila ang mga pagtatalo sa hinaharap.

Sa ilalim ng Title X ng Civil Rights Act noong 1964 at ang Matthew Shepard and James Byrd, Jr., Hate Crimes Prevention Act ng 2009, tumutugon ang CRS sa mga pagtatalo sa komunidad na nagmumula sa mga pagkaiiba sa lahi, kulay, at pinanggalingang bansa, at sa pagpigil ng at tumugon sa tutoo o inaakalang krimen ng kasuklaman batay sa kasarian, pagkilala ng kasarian, kiling pang-sexual, pananampalataya, o kapansanan. Walang kapanyarihan ang CRS pampagpatupad ng batas o pampag-uusig. Sa halip, nagsasagawa ang CRS sa mga komunidad na tumulong na muling buuin ang mga kaugnayan, pinapadali ang magkaayong pag-uunawa, at himukin ang pag-unlad ng mga kalutasang lokal.

Nagsasagawa ang propesyonal na mga tauhan ng CRS nang direkta sa mga may-tungkulin sa estado at lokal, samahang batay sa komunidad, tagapamagitan ng komunidad at mga karapatang sibil, samahang batay sa pananampalataya, at nagpapatupad ng batas, bilang boluntaryo at walang-bayad. Nagsisilbi ang CRS bilang walang-kiling na ikatlong panig, at walang-bayad at lihim ang kanilang serbisyo.

Papaano tinutulungan ng CRS ang mga komunidad na pigilin at tugunin ang mga sinabing krimen ng kasuklaman?

Pinagtitiipon ng CRS ang mga magkaibang pinuno at may-kapakanan upang turuan ang mga komunidad tungkol sa krimen ng kasuklaman at upang humanap ng mga nagtutulongang kalutasan pampagpigil at pagtugon.

Kabilang sa mga tanging serbisyo ng CRS na tumutulong sa mg komunidad na tukuyin ang mga krimen ng kasuklaman ang: ▼

Pinadaling Pag-uusap

Pinadadali ng CRS ang mga pagpupulong ng mga pinuno ng komunidad, may-tukulin ng lunsod, nagpapatupad ng batas at ibang pangunahing may-kapakanan upang masimulan ang mga paraang pakikipag-usap at paunlarin ang paglulutas ng problema sa mga kaso ng sinasabing krimen ng kasuklaman. Kabilang sa mga madalas na tintalakay na paksa ang sinasabing pagkiling/krimen ng kasuklaman o mga pangyayari, pagtugon ng nagpapatupad ng batas sa sinasabing pagkiling/krimen ng kasuklaman o pangyayari, paglilinaw ng mga lokal na batas na tumutugon sa pagkiling/krimen ng kasuklaman, protesta, demonstrasyon, at ibang pagtugon ng komunidad, kasama ang mga ibang usaping mahalaga sa komunidad.

Mga Forum [pagtitiipon pampagtatalakay]

Nagkakaloob ang kalahating-araw ng forum na ito sa mga kasapi ng komunidad at nagtutupad ng batas ng impormasyon kaugnay sa Matthew Shepard and James Byrd, Jr. Hate Crimes Prevention Act [batas pampagpigil ng mga krimen ng kasuklaman], gayon din sa mga state at local na batas pangkrimen ng kasuklaman. Kinakasangkot ng program ang local na nagtutupad ng batas, mga district attorney [piskal], federal na nagtutupad ng batas, at mga samahang tagapagtaguyod sa komunidad sa mga pagtatalakay at pagbabahagi ng impormasyon tungkol sa mga paraan panglaban at pagtugon sa mga pangyayaring bias [kiling] at krimen ng kasuklaman.

Ano ang krimen ng kasuklaman?

Ayon sa Federal Bureau of Investigation (FBI), ang krimen ng kasuklaman ay kinikilala din bilang bias crime is isang pagkasalang krimen laban sa isang tao o pag-aari na naganyak ng buo o bahagi ng pagkiing ng nagsala laban sa lahi, pananampalataya, kapansanan, kiling pang-sexual, lipi, kasarian o pagkikil sa kasarian." Nag-iiba-iba ang mga estado sa pagturing ng mga grupo na ipinagtatanggol o inaalagaang pagkilanlang sa ilalim ng mga kautusan ng estado ang lawak na sakop na mga krimen, at ang paghatol ng mabigat na parusa para sa mga nagkasala.

Pagpangalaga ng Bahay-Sambahan

Nagkakaloob ang kalahating-araw na pulong na ito sa mga pinuno ng nanampalataya at mga kapulungan ng impormasyon tungkol sa mga krimen ng kasuklaman, pagtatantya ng banta ng mga lokal, state at federal na nagpapatupad ng batas, at hakbang upang pangalagaan ang mga bahay-sambahan sa mga maaaring krimen ng kasuklaman at ibang banta ng karahasan. Inuudyok ng programa ang pagpapatupad ng mga programang pangkatiwasayan, nag-aalok ng pinakamahusay na gawi para sa katiwasayan. itaguyod ang pakikipag-ugnayan at pakikibahagi sa komunidad, at nagkakaloob ng mga gamit-yaman kagaya ng mga planong pangkatiwasayan at pagtugon sa komunidad.

Sama-samang Pagkilala ng mga Problema at Paglutas ng mga Usapin sa Lungsod at Paaralan (City SPIRIT at School SPIRIT)

Pinagtitiapon nitong walong-oras na programa ng pagtuos at paglutas ng problema, ang mga kinatawan ng lokal na pamahalaan, paaralan, komunidad, samahang batay sa pananampalataya, nagpapatupad ng batas, at iba pa, upang kilalanin at suriin ang mga usaping tumutukoy sa komunidad, padaliin ng mga nagtutulungang paraan sa paglulutas ng mga pagtatalo, padaliin ang pagbuo ng tiyak na gawain sa pagitan ng mga panig.

Pagsasanay Pampagpapatid ng Komunidad


Nagkakaloob ang CRS ng mga pagsasanay sa nagpapatupad ng batas, may-tungkulin sa pamahalaan, at iba pa, sa mga kaugalian, kalinagan, at gawi ng iba-ibang komunidad upang palakasin ang kaugnayan sa pagitan ng nagtutupad ng batas at ang mga komunidad na sinisilbihan nila. Kabilang sa mga pagsasanay na ito ang Pagsasangkot at Pagbubuo ng mga Samahan sa mga Muslim American, Pagsasangkot at Nagtatayo ng mga Bakasan sa mga Sikh American, at Law Enforcement and the Transgender Community. Kabilang sa mga palitang aksiyon at pagsasanay ng kaalaman na ang mga paksa kagaya ng mga pangkalinangang sagisag at wika, epekto ng mga krimen ng kasuklaman, at pinakamahusay na gawi sa pagsasangkot at paglutas ng problema. Sa katapusan, nag-aalalay ang mga pagsasanay na ito sa tungkulin ng nagpapatupad ng batas na pangalagaan at silbihan ang lahat ng kasapi ng komunidad.

Pamamagitan


Nagkakaloob ang CRS ng mga serbisyong mamamagitan upang tulungan ang mga komunidad na lutasin ang mga pagtatalo at pagkabahala sa pamamagitan ng harapang pakikipag-ayusan sa pagitan ng mga may-kapakanan. Ang layunin ng pamamagitan ay magbuo ng nakasulat ng kasunduan sa pagitan ng mga panig na madagdagan ang pagtiwalaan, pahasayin ang mga samahan sa komunidad, at magtatatag ng lokal na karunungan upang pigilin at lutasin ang mga pagtatalo sa hinaharap.

Saan Kami Nagsasagawa ▼

CRS Headquarters

[punong himpilan] 
Washington, DC

Mga CRS Regional Office

[sangay pampook] 

New England

Boston, MA

Midwest

Chicago, IL

Western

Los Angeles, CA

Northeast

New York, NY

Southwest

Dallas, TX

Northwest

Seattle, WA

Mid-Atlantic

Philadelphia, PA

Central

Kansas City, MO

Mga CRS Field Office

[sangay panglarangan]

Southeast

Atlanta, GA

Rocky Mountain


Denver, CO

Miami, FL

Detroit, MI

Houston, TX

San Francisco, CA




Hanapin kami, makiugnay sa amin ▼

www.justice.gov/crs

 facebook.com/DOJCRS/

 @DOJ_CRIS

 askcrs@usdoj.gov

 202.305.2935